

1

Napatili ang katabi niyang si Mimi at napakapit sa braso ng kasintahan nitong si Peter habang patuloy na pinapapak ni Tasha ang iniitsang popcorn sa bibig. May sumilay na maliit na ngiti sa mga labi niya. Kinuha niya ang nakaipit na lapis sa likod ng kanyang tainga at may isinulat sa tickler pagkatapos ay ibinalik ang tingin sa malaking screen.

Napa-‘ahem’ ang nasa kaliwa niya, si Jonas. Narinig niya kanina ang medyo pigil nitong pagtikhim sa eksena kung saan slow-mo na nagpakita ang karakter na si *Lotus Lady* sa nagtititiling si Kris Aquino.

Muling nagtilian ang mga manonood sa loob ng sinehan. Ngayon, hindi lang napakapit kundi napayakap na si Mimi kay Peter.

Muling iniitsa ni Tasha ang popcorn sa bibig, at binuksang muli ang tickler at may isinulat sa gitna ng kadiliman. Mas lumakas ang pag-‘ahem’ ni Jonas. It was almost a displeased grunt.

Kung akala ng lalaking ’to, eh, makakatsansing siya sa akin, maghintay siyang may lumabas munang totoong Sadako mula sa big screen...

Scary Thing Called Love - Autumn Castillo

Rumolyo na sa screen ang end credits at ilang minuto pa ay tumayo na ang mga kasamahan.

“Tash, can we talk?” Nahagip niya ang inis sa tinig ni Jonas.

May dalawang linggo na niya itong kasintahan. Isang buwan din itong nanligaw sa kanya. Nagkakilala sila nang matapunan niya ito ng bagong saling gravy mula sa plastic cup nang minsan silang kumain ni Mimi sa isang fastfood chain. Sa halip na magalit ay napatawa ito, halos mabuwal siya sa kinatatayuan nang makita ang pag-abot ni Jonas ng gravy sa polo shirt nito at ang pagdantay ng hintuturo sa labi nito upang tikman iyon.

He looked very sexy nang sabihing, “*Okay lang, Miss, masarap naman.*”

Naisip niya noon na puwede itong maging commercial model ng gravy.

Kinabukasan, nakita niya itong muli sa bookshop na pag-aari ng pamilya niya. Nasa loob ng isang mall ang puwesto nila.

Tuluyan siyang nahumaling dito nang makita ang iniabot nitong libro para bilhin. It was one of her favorites, Stephen King’s *Song of Susannah*, isang libro sa seryeng *Dark Tower*.

“Wow, gusto mo rin siya, Mr. Gravy?” bulalas niya, natuwa nang malamang may pagkakatulad sila ng lalaki.

Sandali itong naestatwa at napatitig sa kanya, marahang napatango. “Yes, Miss Gravy Spiller,” ngiti nito.

Nabalik siya sa realidad nang kaladkarin siya nito sa popcorn stand at iabot sa kanya ang isang karton pa ng popcorn. Napalingon siya sa naghihintay na sina Mimi at Peter.

“Ano’ng pag-uusapan natin?” anas niya at dumukot na ng popcorn. “Siya nga pala, the movie was good, fresh plot for the Filipino taste, magaling din ’yung twists na ipinakita. Someday—”

Napangisi ang lalaki. “Tasha, let’s break up,” mahinahon nitong saad.

“A-ano?” Tigagal siya, nabilaukan yata sa popcorn. “Jonas, disappointed ka ba dahil hindi ako nagtititili, dahil hindi ako kumapit o yumakap sa ’yo?”

“Yes,” matipid nitong tugon.

“Jonas! Kinuwento ko na sa ’yo, di ba? Talagang mahilig ako sa horror. Sa katunayan, pangarap kong maging horror writer, gusto kong matawag na horror

Scary Thing Called Love - Autumn Castillo

queen, gusto kong manakot nang katakot-takot!” aniya na nagpalingon sa isang barkadahan na nasa gilid nila.

Mala-laser siyang sinuri ng mga ito bago lumayo ang nasabing grupo.

“Alam ko, which leads me to the conclusion that you’re not the one I need. You’re pretty, but you’re not normal. I need a normal girl, Tasha.”

Gusto niyang umiyak, pero ayaw tumulo ng luha niya. May naisip kasi siya, puwede niyang maging plot ang istorya nila ni Jonas ngayon.

Isang babaeng iniwan ng boyfriend, nagalit sa mga lalaki, namuhay sa isang tokador at namatay roon hanggang maging kalansay na lang ito.

“I’m not normal?” Pinilit niyang tumulo ang luha, pero wala talaga. Dapat siyang umiyak dahil guwapo ito, dapat siyang manlumo dahil baka maging commercial model ito someday. Dapat manghinayang siya, di ba?

“Yes,” matipid nitong kumpirma. “Heck, I want us to split up and you’re not showing any emotion. Tash, alam mo bang nag-audition na ’ko para sa commercials? Nakuha ako para sa isang dishwashing liquid. Small time, maybe, but it’s still

an accomplishment.” Saglit itong tumahimik at minasdan ang mukha niya. “Ni hindi ko makita or maramdaman na masaya ka para sa ’kin.”

“Jonas, I’m sorry,” nanlulumong sagot niya.

Marahan siyang niyakap ng ex-boyfriend na ngayon ay commercial model na ng dishwashing liquid. “Tash, it’s all right. Someday you’ll meet a guy who’s gonna make you want to scream because you’re truly scared, and cry because you’re truly hurt,” makahulugan nitong sambit.

Saang eksena kaya niya iyon puwedeng isingit sa horror novel na gagawin niya?

Napakunot siya at masuyong napakaway sa lalaking tumalikod na.

“Mimi, ano ba talaga ang normal na babae?” curious na tanong ni Tasha.

Kasalukuyan silang naglalakad sa kalye, magkapit-bahay lamang kasi sila. Inihatid sila ni Peter ng kotse nito hanggang sa kanto, lihim kasi ang relasyon nito at ni Mimi, kahit pa nga naka-graduate na sila mula sa kolehiyo nang nakaraang taon. Strict pa rin ang parents nito.

“Yan ba ang idinahilan ni Jonas sa ’yo, na hindi ka normal?” anang kaibigan.

Napatango siya at napangiwi, hindi iyon ang unang pagkakataon na nasabihan siya ng ganoon ng lalaki. Apat na rin ang naging nobyo niya, at tatlo sa mga iyon ang nakipag-break sa kanya, isa lang ang naunahan niya ng break. Kesyo raw iba ang trip niya, paborito niya raw ang sumuot sa mga haunted house at manood ng mga horror movies. Pumapayag naman na samahan siya kasi ang akala yata ay magtititili siya. Well, hindi siya emotera, matapang siya, at sadyang mahilig siya sa mga kababalaghan.

“Maayos naman ako, ah, Mimi. Hindi nga lang ako kikay, tulad mo.”

“Heh!” Pinandilatan siyang bigla nito.

“Tinutuon mo kasi ’yang oras mo sa pagmeditate ng kung anong anik-anik, Tash. Fetus ka pa siguro, tina-try mo nang buksan ’yang third eye mo. Kung hindi kita kilala, kung hindi ko nakikitang nagsisimba ka linggo-linggo, matagal na akong natakot sa ’yo.”

“Naniniwala naman ako sa Diyos, grabe ka naman! Sadyang may affinity lang ako sa mga unknown, ’yung mga hindi maipaliwanag ng

Scary Thing Called Love - Autumn Castillo

siyensya. Naniniwala ako na may kanya-kanyang gift tayo, 'tsaka alam mo namang pangarap ko talagang maging sikat na horror o dark thriller novelist, hindi ba? Kelangan ko ng inspirasyon..."

"O sige na, sige na—"

"Mimi!" Napaturo siya sa isang puno ng camachile sa dulo ng kanto "Nakita mo ba 'yun?"

"Ang a-ano?" garalgal na tanong ng katabi.

"T-talagang hindi mo nakita 'yung nakaputi? T-teka, may naririnig akong parang kinakaladkad na bakal..." pananakot niya sa matatakuting si Mimi.

Tulyan na itong napatili. Napangiti siya nang humarurot ito ng takbo.

"Tasha! Ano'ng ginagawa mo diyan? 'Ku, 'tong batang ine!" sigaw mula sa hagdanan ng Lola Tasing niya. May hawak itong flashlight.

Maagap na nahipan ng noon ay walong taong gulang na bata ang kandilang hawak at mula sa malaking antique mirror ay napa-slide at napahalukip sa ilalim ng isang malaking round table na yari sa narra.

Makukumpleto na sana niya ang Bloody Mary

Scary Thing Called Love - Autumn Castillo

chant na itinuro at ikinuwento ni Toby bilang panakot sa mga kaklase nila kanina nang imbis na ang duguang babaeng iyon na si Mary ay ang mukha ng lola niyang binudburan ng kung anong maputing paste o mud mask ang nakita niya.

Narinig na ng batang si Tasha ang malalakas na yabag ng lola niya mula sa hagdanan bago pa ito nakababa. Kanina, maaga siyang pinatulog nito kasama ang Ate Misha niya. Nagtulug--tulugan nga siya at itinago sa ilalim ng unan ang kandila at posporo, at hinintay ang pagpatak ng alas doce.

“Tasha!” aburidong sigaw ng lola niya, “matulog ka na! May multo diyan sa ilalim, ’ku, sige ka!”

Hindi naman talaga siya takot sa multo, mas takot siya sa lola niya. Baka paluin siya!

Naipiring niya ang kamay nang matambad na sa kanya ang masakit sa matang ilaw ng flashlight, napagapang siyang bigla at napatayo, umarangkada ng takbo hawak ang dulo ng mahabang nightgown na pilit na ipinasuot ng lola niya.

Madilim ang kabuuan ng salas at halos mabunggo siya sa kung saan, hanggang sa naisip niyang bumalik ng akyat sa mahabang hagdanan ng ancestral house na iyon. Hindi na niya alam kung saan siya pumaroon,

Scary Thing Called Love - Autumn Castillo

ang alam niya, napasok siya sa isang napakadilim na kuwarto. Nang abutin niya ang paligid, naramdaman niya ang makakapal na balat ng napakaraming salansan ng libro.

Napasandal ang maliit niyang katawan sa tila napakataas na estante ng mga libro. Tuluyan siyang napaupo at sa pagod ay nilamon na ng antok.

Hindi na niya namalayan ang oras na nakahimlay siya sa sahig na puno ng alikabok, naimulat niyang bigla ang mga mata nang may matigas na bagay na biglang bumagsak sa ulo niya. Napaupo siya at nakita ang nakangiti at nakatayo niyang lola. Hindi niya maintindihan kung bakit napakaliwanag ng mukha nito, wala na ang kung anong maputing mask sa mukha ng matanda.

“Lola Tasing?” singhap niya at kinuha ang isang nakabukang libro sa gilid niya, iyon yata ang nahulog sa ulo niya kanina.

“Apo, magpakabait ka, ha? Mahal kita. Alam ko na may kapangyarihan kang tuklasin ang mundo ng misteryo at pag-ibig, ang kasamaan at kabutihan.”

Hindi malaman ng noon ay batang si Tasha kung mayroon bang nakapasak sa mga tainga niya. Muffled kasi ang dinig niya sa mga sinabi ng lola. Parang hindi

Scary Thing Called Love - Autumn Castillo

rin gumalaw ang bibig nito, pero napakalinaw ng mensahe sa isip niya.

Nang kumurap siya, nakita niya ang paglabas ng lola niya sa pintuan. Mabilis siyang napatakbo para habulin ito hawak pa rin ang librong nakabukas kanina. Nang tuluyang matambad sa kanya ang hagdanan, ang hintakot na ina ang sumalubong sa kanya.

“Tasha! Kanina pa kita hinahanap!” Sinipat ng ina ang maalikabok niyang suot.

“Nakatulog ako, Ma, hinabol ko nga si Lola kaya ako lumabas.” Inosente niyang itinuro ang pinanggalingang silid.

Napamaang ang kaharap. “Wala na ang lola mo, Anak. Isinugod sa ospital, inatake siya...”

Magsasalita pa sana siya nang bigla siyang yakapin ng ina. Nabitiwan ng bata ang librong hawak.

*Kinalaunan, nang sipatin niya ang libro, nakita niya ang picture illustration ng isang itim na pusa na matalim ang tingin na animo lumalabas ang mga mata mula sa cover jacket. *The Strange Case of Dr. Jekyll and Mr. Hyde* sa panulat ni Robert Louis*

Stevenson ang nasabing aklat.

May ilang libong koleksyon ng libro ang lola niya, mga nobela ng kung anu-anong genre, ngunit batid niyang napakahilig nitong magbasa ng mystery at horror.

Simula nga noon, natatak na sa batang isip ni Tasha ang may kababalaghang eksenang iyon, ang mga salitang binitiwang ng lola niya, at ang kataka-takang libro na nanggising sa kanya mula sa mahimbing na pagkakatatulog.

Sa araw rin na iyon, nalaman niya ang kanyang tadhana at pangarap.

Lucas Joaquin Benitez was silently sipping his martini nang mahalata ang pagtapon ng mapang-akit na titig sa kanya ng katabing babae. Napansin niya ang pagpihit nito upang matambad sa paningin niya ang mapuputi nitong binti na hindi na itinago ng leather mini skirt nito.

Malakas ang saliw ng tugtugin sa bar at kuntento niyang pinanood ang mga nagsasayawan. Inindyan siya ng kainuman sanang si Peter dahil napagod daw ito sa pakikipag-date sa bagong kasintahan nitong si Emily.

Scary Thing Called Love - Autumn Castillo

“You’re alone?” malambing na himig ng katabi at inilapit ang kopita nito sa kopita niya.

Yes, I am, but not lonely, gusto sana niyang malamig na sabihin.

Sa dalawampu’t tatlong taon ng pamumuhay ni Lucas sa mundong ibabaw, batid na niyang may taglay siyang pang-akit. Kung wala, hindi na niya alam kung bakit sa lahat halos ng naging relasyon niya, puro babae ang nag-i-initiate.

He supposed women found him mysterious. Tahimik kasi siya at mukhang may laging iniisip, pero kung amor din lang naman, iba ang atake niya. May nakapagsabi nga sa kanyang titig pa lang niya ay nagpapalusaw at nanghuhubad na sa nakabalot na yelo sa kung sino mang babae.

“I’m alone, too. We can enjoy each other if you want.” May pilyang ngiti na sumilay sa mukha nito.

“Much as I want to enjoy you, I can’t,” matipid niyang tanggi at tumayo na mula sa stool. Dumukot siya sa wallet at ipinatong ang pera sa bar counter.

“I can’t let go of you easily, Mister,” anas nito at masuyong hinawakan ang braso niya, tumayo rin at naglakbay ang kamay patungo sa dibdib niya.

Scary Thing Called Love - Autumn Castillo

Hindi niya halos namalayang iginuyod na siya ng estranghera sa gitna ng dance floor. He grunted nang mapanghalina itong sumayaw sa harap niya.

When she reached out at may ibulong sa tainga niya tuluyan na siyang napaatras.

Tigagal ang babae sa reaksiyon niya. “Don’t tell me you’re gay,” naiinis na turan nito.

“I’m straight, but I’m saying no.” Napayuko siya at marahas na huminga. “D-did you have a fireman for a boyfriend?” hindi na niya napigilang itanong. Sandali niyang ipinikit ang mga mata, pero paulit-ulit na nagpa-flash sa utak niya ang anyo ng isang lalaking unti-unting nilalamon ng apoy.

Wari’y nabuhusan ng tubig ang kaharap at napamaang. “How did you know?”

Sinulyapan ni Lucas ang gawing kanan ng babae.

Nakatayo sa tabi nito ang isang lalaki, halos matusta na ang mukha at kabuuan ng bulto. Batid niyang may gustong sabihin at ipabatid ang kagimbalgimbal na anyo ng kaluluwa sa kanya, ngunit pilit niyang isinirado ang utak.

*Iwan mo na siya, hindi ko siya gagalawin.
Manahimik ka na, bulong niya sa isip.*

Scary Thing Called Love - Autumn Castillo

“Katabi mo siya, nasa kanan mo, siguro’y baliw pa sa ’yo. Ipagdasal mo siya, huwag kang bar nang bar,” malamig niyang sabi.

Nakita niya ang paglaki ng mga mata ng babae bago siya tumalikod para lumayo.

Parang bulang nawala ang bultong kanina ay tila nakabantay sa babae habang nagsasayaw ito.

2

After three years...

“Emily, best wishes!” masaya niyang bulong sa kaibigan na kalalabas lamang mula sa simbahan. Malaki na ang may pitong buwan nitong tiyan.

Hayun nga, naipakasal si Mimi kay Peter, dahil bukod sa mahal ng dalawa ang isa’t isa, nadali ang okasyon dahil lumobong bigla si Mimi.

“Sumunod ka sa reception, ha,” bilin nito, kumakaway.

Inayos ng maid of honor na si Felice ang traje de boda, pinsan ni Mimi. Pagkatapos ay sumakay na ang bagong kasal sa isang magarang white limousine.

Masasabi niyang suwerte ang kaibigan. Mayaman ang pamilya ni Peter, may-ari ng isang architectural firm, at hindi na mahihirapan pa sa pinansyal na aspeto si Mimi.

’Tka nga, napakasuwerte nito sa nabingwit nitong isda.

“Tasha, tumawag si Mama, biglang sumakit nang sobra ang tiyan ni Ken. Hindi na ako makakasama

sa reception, mag-taxi ka na lang papuntang hotel, ha?” Kasasakay lamang niya sa kotse ng Ate Misha niya ay pinabababa siya nitong bigla.

“Ate, ihatid mo na lang ako sa hotel,” angil niya. Pagdating sa anak nitong si Ken ay natataranta talaga ang kapatid. Umuwi itong bigla minsan mula sa hindi pa tapos na conference nito sa Cebu nang marinig na may lagnat ang anak.

“Tasha, maki-hitch ka na lang sa iba kung ayaw mong mag-taxi. Magkaiba ang ruta ng hotel sa bahay, okay?” Mukhang desidido talaga ito na hindi na siya samahan sa reception.

“Sige na nga.” Nakangiwi siyang napababa sa kotse at tinunghayan ang mabilis na pag-atras at pag-arangkada ng gray *Honda Civic* ng kapatid.

Napalinga-linga siya sa nagkukumpulang mga taong sumasakay na rin sa kani-kanyang behikulo, napakunot siya nang walang maaninag ni isang kaluluwa na puwede sana niyang hingan ng pabor.

“Hija, you need a ride, right? Puwede ka sa amin ng anak ko.” Isang medyo pagaw na boses ang nagpalingon sa kanya.

Natambad sa paningin niya ang isang may lagpas cuarenta nang babae. Maputi ito at klarong-klaro na

maganda ito noong kabataan pa nito, kahit hanggang ngayon.

Paano niya nalaman na kailangan kong maki-hitch? Pinalis niya ang tanong sa isipan at mainam na ngumiti sa matanda at nagpasalamat. Sa candle lighting siya nakatoka, kaya simpleng chiffon strapless knee-length dress lang ang suot niya na pinares sa puting heels. Itinali lang niya ang medyo wavy na hanggang balik at na buhok.

Itinuro ng matanda ang isang *Benz*, CL-Class model. Nang makalapit na nga sila ay pinigil niya ang matanda na ipagbubukas sana siya ng pinto sa backseat. Nang yumukod at maipuwesto na niya ang sarili sa backseat ay sandaling nagitla siya sa natambad na bulto na nakaupo sa lokasyon ng manibela.

“Hey,” usal ng nagulat ding lalaki. Nakita niya ito sa entourage kanina, ang alam niya ay isa ito sa groomsmen.

“Ah, sorry, ha? May emergency kasi ’yung ate ko, ’yung kasama mo, nag-offer ng ride, mama mo ’ata—” Itinuro niya ang babae sa labas na ang buong akala niya ay sasakay na rin sa front seat.

Pero nang parehas silang mapaligon ng lalaki

sa dako ng matandang babae, kumaway-kaway ito at itinuro ang isa pang kotse.

Oh, no! Huwag niyang sabihin na sasakay siya sa iba?

“Mom...” Narinig niya ang matalim na bulong ng nasa driver seat.

Bigla niyang gustong mapabungisngis, wala sa hinagap niya na iiwan siya ng matandang estranghera sa kotse ng ngayon ay alam na niyang anak nitong lalaki.

Sinadya ba ng babae na isakay siya roon?

“B-bababa na lang ako, pasensya na—”

“No, halt, stop,” pigil ng lalaki. “Makiki-hitch ka, hindi ba? Pagpasensyahan mo na si Mom, makikisakay iyan sa mga kaibigan niya.”

Napatango-tango na lang siya, hindi na siya magsisinungaling na kailangan niya ng masasabayan.

“Sorry about that,” dagdag ng nasa unahan at mabilis na minaniobra na ang manibela.

Batid niyang medyo nakakahiya ang sitwasyon niya, pero gusto niyang mapangiti. Mukhang may hidden agenda ang matandang iyon. Kung pinagma-

matchmake sila ng ina nito, ibig bang sabihin niyon ay single pa ang lalaki?

Hmm, hindi na rin masama. Mas guwapo ito sa huli niyang nakarelasyon na ngayon ay sikat na commercial model na. Hindi lang dishwashing liquid kundi toothpaste brand na ang iniendorso ni Jonas. At recently, pati ang mismong fastfood chain kung saan una silang nagkita. Ngunit wala naman siyang nadaramang panghihinayang.

Mas umusod siya sa gilid upang pag-aralan ang profile ng lalaki. Matangos ang ilong nito, may kakapalan ang kilay, sa panandalian niyang pagtanaw sa mga mata nito kanina, mapungay at malalim ang mga matang iyon, parang puno ng nakatagong misteryo. Matikas ito at kontrolado ang mga galaw, ramdam niyang masungit ang aura ng lalaki.

“Salamat nga pala sa pagpayag na makisakay ako. I’m Tasha, Tasha Sevilla,” pagpapakilala niya.

“Lucas Benitez,” walang bahid ng interes na bigkas ng lalaki, at mukhang napilitang sabihin lamang ang pangalan.

Napalulon lang siya ng laway at may naalala sa apelyido nito. “Alam mo, kaapelyido mo ’yung sikat na spirit questor at clairvoyant noong una sa Pilipinas,

Scary Thing Called Love - Autumn Castillo

'yung si Ignacio Benitez! May show pa nga siya, hindi ba? Kilala mo 'yun?"

Biglang nasapo ni Tasha ang dibdib sa lakas ng impact ng biglaan nitong pagtapak sa brake. "We've arrived at the hotel, you can jump out," anito na parang walang narinig sa pinagsasabi niya.

Ang sungit naman nito!

Napaismid siya at tinandaan ang pangalan ng lalaki. Gagamitin niya ang pangalan nito bilang pangalan ng serial killer sa susunod na nilulutong nobela.

Bumaba na siya at mapaklang nagpaalam. Tinanguan lang siya ng Lucas na iyon at tumalikod na ito. Sinulyapan niya ang plate number at umismid na lang sa kotse bilang ganti.

"Oh, where's that girl who hitched with you?" kunot-noong tanong ng ina nang mabungaran siya.

"Why did you do that, Ma? You're matchmaking again!" angil ng binata at tinabihan na ang ina sa isang lamesa.

"She needed a ride, nabasa ko 'yung aura niya. She has a good vibe, Hijo. Her aura is compatible with

yours, I have a good feeling with the both of you. I'd say she's your match."

Napagdikit lang ni Lucas ang mga kilay bilang tugon sa inang self-confessed na nakakabasa raw ng aura at kung minsan ay isipan ng tao. They were a family with peculiar gifts, and horrible gifts sa kanyang opinyon. Gusto niyang ipaniwala sa sarili na normal siya, pero mahirap umaktong normal kung may biglang bubulaga sa paningin mo na hindi mo gustong makita.

Nasanay na rin naman siya, nadiskubre nga niya ang hindi niya pangkaraniwang kakayahan noong grade two siya.

Nagsasalita noon ang teacher nila sa unahan nang bigla siyang napataas ng kamay. Tinanong siya nito kung ano ang problema. Tinanong niya ang guro kung bakit hindi nito pinapansin ang isa pang guro na nasa gilid nito at mukhang may gusto ring sabihin at ituro.

Nagtawanan lahat ng kaklase niya at sa inis ng guro sa pag-aakalang panggu-goodtime niya ay pinatayo siya sa gilid ng blackboard hanggang sa magbell.

Hindi siya kumurap at nakita ang gurong tinutukoy na umupo sa bakanteng upuan nang lumabas ang

Scary Thing Called Love - Autumn Castillo

sadyang teacher nila kanina. Lumingon ito sa kanya at tila sinuyod siya ng tingin at mapaglarong ngumiti. Nang ikurap niyang muli ang mga mata, naglahong bigla ang nakaupong guro at sa pagkabigla ay nawalan siya ng malay.

Simula noon, may biglang lumilitaw na lang sa paningin niya na hindi niya mapigilan at maiwaksi, mapaanong oras o nasaan man siya. Kay lakas ng pandama niya.

Lumaki siyang parang outcast sa mundo, may mga bagay siyang gustong sabihin na hindi niya maipahayag sa pag-aalalang walang ibang maniniwala.

“Mom, just be quiet, okay? Wala pa sa isip ko ang seryosong pakikipagrelasyon.”

“Oh, Hijo, minamaliit mo ba ang sarili mo? You’re handsome. At kung ang ability mo ang inaalala mo, that’s a gift kagaya ng sa papa mo. Minahal ko ang ama mo, alam kong parte ’yan ng pagkatao niya. I was not scared of your father, Hijo. I was fascinated by him. You’ll find a lady like me,” ngiti ng ina.

Natahimik na lamang si Lucas at napatingin sa bagong kasal na masayang nagsusubuan ng hiniwang cake.

“So, what do you do for a living?” suri kay Tasha ng ilang ka-batch sa elementarya at ilan sa high school na pawang mga kaklase nila ni Mimi.

Tinawag siya ni Toby at pinaupo sa tabi nito, napasipol naman ang mga ka-batch niya. Hindi niya hilig ang mag-attend sa checking of attendance tuwing reunions nila, kaya palaisipan sa ilan ang buhay ngayon ng bumasted kay Toby noong grade six sila.

Si Toby ang bully nila sa elementarya at lider ng samahan ng nananakot sa mga babae sa klase. Sa kanya lamang hindi umubra ang mga taktika nito at sa halip, ito pa ang napatili niya na parang bakla noong grade five sila nang pabirong multuhin niya ito sa male comfort room.

“Bukod sa pagbabantay ng bookshop chain namin, nagsusulat ako ng horror novels para sa isang imprint ng publishing house.” Hindi niya alam kung kumpidante iyong ibubulalas o dapat ba niyang ibulong.

“Really?” ani Toby, na ngayon ay isa nang car dealer. “Tinotoo mo nga ang matagal mo nang pangarap.”

Nairolyo niya sandali ang mga mata. Batid

Scary Thing Called Love - Autumn Castillo

niyang gumuwapo at kumisig na si Toby, puwede na itong um-extra sa pelikula bilang sidekick ng bidang action star.

“Wow, ano’ng pen name mo?” piga ni Lucy, asawa na nito ang crush nitong valedictorian ng batch nila.

Mabuti na lamang at pinukaw na ang pansin nila mula sa pagnguya ng pagkain at pagchichikahan nang tawagin na ang lahat ng ‘dalaga’ sa venue. Gagawin na ang seremonyal na paghagis ng bouquet ng bride.

“Halikayo, join kayo! Tasha, Felice, Lou!” tawag ni Mimi na may hawak noon ng mic.

“Ayoko,” matipid niyang iling sa pagsusumamo ni Lou, isang kabarkada rin.

“Sige na, Tash, saluhin mo ’yung bouquet, ’tapos ako ang kukuha ng garter para pakasal na tayo.” Nangantiyaw ang nasa grupo nila at hindi na siya nakahindi pa nang mismong si Toby ang humila sa kanya mula sa kinauupuan.

Paanong hindi, gayong halos baliin ng lalaki ang braso niya?

Hawak pa rin nina Felice at Lou ang braso niya nang bitawan siya ni Toby, na para bang tatakas siya kung pakakawalan siya ng isa man lang segundo.

Scary Thing Called Love - Autumn Castillo

Nang magtilian at magsigawan na ang mga babae at nagsitaasan na ng mga kamay, sabay na itinaas nina Lou at Felice ang mga kamay niya.

Hindi niya malaman kung tadhanang mapadausdos sa kamay niyang pinilit itaas ng dalawa ang bouquet o sinadyang sa lokasyon at anggulo niya ipinaling ni Mimi ang pumpon ng bulaklak ng lily at tulips.

Narinig niya ang pag-‘Yahoo!’ ni Toby na nagpangiwi sa kanya.

Naku, huwag naman sanang ang unggoy na ito ang mapangasawa ko!

Napaupo siya at pinanood ang pagkukumpulan ng mga lalaki at ang pagpaling ni Peter ng lace garter sa hangin na animo cowboy. Nagsimula na ang tugtugin at pinagpasa-pasahan na nga ang garter. Napapaigtad yata siya sa tuwing dumadaan ang garter sa kamay ni Toby at hinahawakan iyon nang matagal ng lalaki na parang nananadya.

Sa isang banda, ang totoo, may kanina pa ini-espiya ang mga mata niya na hindi yata present sa kumpol ng mga lalaking uhaw sa garter. Nang iliko niya ang mga mata, nabanaag niya ang lalaking iyon na nakapostura sa isang kalapit na table, parang nasa

bar ito na sumisipsip lang ng white wine.

Baka naman nagkamali siya. Baka hindi na ito 'binata'; baka may asawa? Ano naman ang paki niya kung ganoon?

Napatigil na nga ang tugtugin at halos lumuwa ang mga mata niya nang makita ang matagumpay na pagpaling at pag-ikot ng garter sa kamay ni Toby!

Napatayo siya at sisigaw sana ng 'No way!' nang may biglang umagaw sa garter mula sa kamay ni Toby. Nagtawanan ang lahat at muling pinatugtog ang musika sa nag-aagawan ngayong si Toby at si Migoy, ang kapit-bahay niyang kawangis ng pinaghalong mukha nina Redford White at Babalu.

Since grade one pa nanliligaw si Migoy sa kanya, every year, may isa siyang nababasted at si Migoy iyon!

Napasinghap siya at biglang slow-mo na naigiya ang mga mata nilang lahat nang lumipad mula sa pagkakahawak ng mga may topak na lalaki ang garter at parang may buhay na lumanding sa lamesa ng mismong lalaking kasulukuyang sumisipsip ngayon ng wine.

Eksaktong tumigil ang tugtugin, at dinampot iyon ng nakamaang na si Lucas Joaquin Benitez.

“Tasha, malapit na ang Nobyembre, Halloween, I’m thinking if you can make a story that radiates around ghosts, and to add more content to your novel, baka you can make it a little personal. Why don’t you touch the world of people who can communicate with ghosts? Parang interesting iyon,” suhestiyon ng nakasalaman at payatin nilang editor na si Mrs. Serafin.

“Paano na po ’yung serial killer series ko?” tanong niya, nasa isipan na niya kasi ang plot ng istorya, gusto na niyang tipain ang keyboard, may pangalan na rin ang karakter: Lucas.

“Tuloy pa rin iyon, but you already have six novels under the series. Unahin mo muna ito. Matagal na kasing walang sumusulat tungkol sa mga pagmumulto, and it’s Halloween. Why don’t you meet a questor or someone who can communicate with ghosts?”

Napatango siya. “That sounds really interesting, Ma’am,” ngiti niya.

Tatal, Oktubre pa naman, may ilang linggo pa siya upang mag-research at maghanap ng i-interview-hin na questor o di kaya ay iyong may espesyal na

Scary Thing Called Love - Autumn Castillo

kapangyarihan.

3

Kalalabas lamang niya ng sinehan mula sa pinanood na *Paranormal Activity* nang tumunog ang cell phone niya. Si Mimi iyon.

“Tash...” Nahimigan niya ang pagkabalisa sa boses nito.

“Mi? Kumusta na ang buhay diyan sa Burgos?”

Pansamantalang nanunuluyan sa bagong gawang vacation house sa probinsya nila Peter sa Ilocos Norte si Mimi habang hinihintay na mayari ang bahay ng mga ito rito sa Maynila.

“Okay naman si Peter, masaya kami, but the house here feels creepy, Tash.” Narinig niya ang paghigop nito ng hangin. “Minsan, nanlalamig ako, di ko alam, nararamdaman rin ni Peter. Somebody seems to be watching us. Takot ako para kay Baby Phoebe. Minsan kasi, nang iniwan ko siya’t may kinuha ako, tumatawa siya sa duyan na parang may nagpapatawa. I’m scared, Tasha.”

Natahimik siya, nag-isip sandali, nang may kumalansing sa utak.

“Why don’t you consult a paranormal investigator or a spirit questor, Mimi? You can talk it out with Peter, napakahirap tumigil diyan kung hindi ka komportable. May ilang buwan ka pang mamamalagi diyan, hindi ba?”

“Kuwento ng ama ni Peter, noong nabili ang loteng kinatatayuan na ngayon nitong bahay, may isang maliit na bahay na nakatirik dito noon, pero hindi na matandaan ni Papa kung kanino.”

“Matatakutin ka pa naman, Mimi. Just be strong. Mabuti pa, pag-usapan n’yo ’yan ni Peter, tatawagan kita ulit. At huwag mong kalimutang magdasal, okay?”

Narinig niya ang malalim na paghinga nito at ang pagpapasalamat nito sa kanya. Siya raw ang unang pinagbanggitan nito ng problema dahil batid nito na hindi niya babalewalain ang sitwasyon nito.

Nag-aalala man sa kaibigan, may excitement din siyang nadama sa advice na tinuran dito. Kata-katakang umaayon sa tawag nito ang suhestiyon ng editor niya.

“Peter, sorry Pare, but I can’t.” Napailing si Lucas at iniroyo na ang blueprint ng matatapos na niyang

disenyo ng isang English-style house.

Isa siya sa mga architects sa firm na pag-aari ng pamilya ng matagal nang matalik na kaibigang si Peter.

“Come on, Lucas, just think of this as your belated additional wedding gift for us ni Emily. Noong college naman ginagawa mo ’to, hindi na ito kaiba sa ’yo,” pakiusap ng kaibigan.

Napatayo siya at isinilid na sa sling bag ang mga gamit.

“Peter, kinalimutan ko na iyon,” malamig niyang tugon.

“Is this because of Rose still?” Problemado siyang sinuri ni Peter. “Lucas, it’s almost been six years, hindi mo dapat kamuhian ang meron ka dahil sa kanya, ikaw na rin ang nagsabi noon na tulad ng ama mo, what you have is a gift, na puwedeng makatulong iyang taglay mo sa iba, hihindian mo pa rin ba ako?”

Napalinga-linga siya sa paligid, buti na lang at sila na lamang ni Peter ang nasa opisina ng iyon. Nilangon niya ang bintana, dumidilim na.

“I can’t, Peter, period,” may inis niyang bigkas. Ito lamang ang tanging taong nakakaalam tungkol

Scary Thing Called Love - Autumn Castillo

kay Rose, at alam nitong napakabigat sa kanya ang marinig man lang ni pangalan ng babaeng iyon.

“You mean you don’t want to.” Sinabayan siya nito sa pagpasok sa elevator. “Pero kung magbago ang isip mo, just remember na kailangan ko ang tulong mo.”

Laking gulat ni Tasha nang maabutan ang aso ni Ken na si Pido na nakadapa sa labas ng kuwarto niya. May ngatngat ito na kung anong puting bagay. Nang sandaling makipagsagupaan siya sa bull terrier ay natambad sa kanya ang puting garter.

Tinapon ko na ’to, ah...

Naibato niya ulit ang garter. “Sige, ngatngatin mo lang ulit. Ngatngatin mo!” utos niya ngunit nahulog ang panga niya nang animo na-bore ang aso.

Parang humikab ito at napatayo na.

“Pido!” tawag niya sa aso na hindi na lumingon at tumakbo na sa nakabukas na kuwarto ng pamangkin niya.

Naiinis na pinulot niya ang lace garter at unti-unting nagdikit ang mga kilay niya, medyo gutay-gutay na iyon. Unti-unting nanumbalik ang sariwa

Scary Thing Called Love - Autumn Castillo

pang memorya na nakaimprenta sa garter na iyon.

Nagpalakpakan lahat at masayang tinapik ni Peter ang kaibigan nitong binagsakan ng garter. “Hah! You’ll be marrying her, Pare!” tudyo ng groom at pinilit na tumayo ang kinausap.

Napahalukip si Tasha sa silyang kinauupuan. Mabuti na lamang pala at nag-shave siya ng legs nang mabuti!

Nagulantang siya nang makita ang pag-iling-iling ng Lucas na iyon. “Pare, lumanding lang ’to sa lamesa ko.” Nakangiwi nitong iniabot kay Peter ang garter. “Hindi naman ako kasali,” dagdag nito.

Mabilis na sinulyapan siya ng lalaki, at wala siyang naaninag na kahit na anong emosyon. Blank stare, sabi nga.

“Pare naman...” May himig ng pagtatampo ang boses ni Peter at may saglit na ibinulong sa kaibigan nito.

Napabuga ng hangin si Lucas. “Okay, I’ll do this for you.”

Walang interes na lumapit sa kanya si Lucas at may mga napasipol nang yumukod na ito sa harap niya. Mukha lamang talagang napilitan ito. Mabilis

Scary Thing Called Love - Autumn Castillo

nitong inabot ang mga paa niya. Nakita niya ang tulolaway na reaksiyon nina Toby at Migoy sa gilid.

Madali lamang na napadako ang garter sa tuhod niya dahil knee-length naman ang kanyang suot.

“Higher! Higher!” taksong sulsol ng mga nakatuon sa kanila. Umarangkada ang flash mula sa kamera ng photographer.

“Higher!” Ang bride at groom na mismo ang nagutos.

Sa pagyuko ni Tasha ay hindi naiwasang nagsalubong ang mga mata nila ng binata.

Napakislot siyang bigla nang maramdaman ang pagtaas ng garter na tumawid sa tuhod niya patungo sa hita, sandali kasing sumayad ang balat ng kamay ng lalaki sa hita niya na tilananguryente.

“Finally, it’s over,” anang lalaki na ni hindi man lang ngumiti, para lamang itong may ginawang routine, tulad ng paghikab tuwing nakadarama ng antok.

At aba’t... humikab nga ang loko!

Sa pagkayamot niya, walang paalam siyang tumayo sa silya at sinadyang painosenteng apakan ang sapatos nito!

“Ate Misha! Hindi mo naman sinabing kakaunti na ang gasolina nito, eh!” Aburidong napalabas ng kotse si Tasha habang kausap sa phone ang kapatid. Tumirik sa isang medyo masukal na kalye ang kotseng hiniram niya sa kapatid. Hapung-hapo na siya sa halos pitong oras na biyahe.

“Aba, malay ko ba? Dapat chine-check mo ’yan. Magtanong-tanong ka na lang diyan, magpagasolina ka. Sige na, ’bye, may meeting pa kami.” Executive secretary ang ate niya sa isang land development company. Namatay ang asawa nito tatlong taon na ang nakakaraan sa isang man-hunt operation ng pulisya, pulis ang asawa nito noong nabubuhay pa.

Tatlong oras pa ang tantya niyang lalakbayin upang makaabot kina Mimi. May dumaan na isang manong at napagtanungan niya, sinabi nito na mga beinte minutos na lakarin ang pinakamalapit na gasolinahan.

“Ang layo pa pala, Manong,” komento niya at napalinga-linga. Walang jeep o pampasaherong tricycle na dumaraan. Kung lalakaran naman niya, tiyak niyang mapupudpod ang suwelang ng sandals niya.

Yuyuko na sana si Tasha nang biglang mahagip ng mga mata ang papaharurot na sasakyan. Pamilyar sa kanya ang model niyon, isang *Benz*. Nang lumiko iyon at bumagal nang kaunti ang ratsada ay parang may tumampal sa bumbunan niya. Naalala niya ang plate number niyon. Napakaripas tuloy siya ng takbo, at kumaway-kaway na sinundan ang kotse.

Mabuti na lamang talaga at matalas ang memorya niya.

“W-wait!” tili niya. “Hey! Tumigil ka!”

Ilang segundo naman sa di-kalayuan ay napatigil nga ang kotse.

Nang buksan ni Lucas ang pinto at lumundag palabas ay nagitla siya sa nakita. Isang humihingal na babae, nakalugay ang medyo wavy at hanggang balik at nitong buhok, at sa katirikan ng araw ay long-sleeved dirty white shirt ang suot nito.

“Hey, Mr. Benitez, puwedeng maki-hitch?” tanong nito na inihip ng hangin patungo sa eardrums niya at rumehistro sa kanyang utak. Napatitig lang siya rito.

“Naubusan ako ng gas, tumirik ang kotse ko, may beinte minutos pa daw bago makaabot sa

gasolinahan, baka puwede akong makisabay papunta d'un?"

"Teka lang, Miss, raket mo bang maki-hitch?" Hindi pa niya nalilimutan ang may ilang araw na pamamaga ng hinlalaki niya sa paa noong painosente siya nitong apakan.

"Hindi mo ba narinig? Bingi ka ba, Mister? Naubusan nga ako ng gas, ayokong maglakad, in short, humihingi ako ng tulong mula sa 'yo."

"P'ano mo nalaman na ako ang nasa manibela? Tinted ang salamin, ah." May dugo naman siyang *Good Samaritan*, magpapaliguy-ligoy lang muna siya para magsumamo ang babae sa harapan niya, may kasalanan ito sa kanya.

"Yung plate number mo," nguso ng kaharap, "pamilyar, I mean, naaalala ko."

Sandali siyang napamaang. *She deliberately memorized my plate number.*

Animo nabasa ang tumatakbo sa isipan niya, agad itong nagpaliwanag. "My memory's really good kaya huwag kang magtaka. Nalalaman ko kung nasakyan ko na minsan ang kaparehong taxi sa pamamagitan ng pagtingin sa plate number."

Interesting, naisip niya.

Alam niyang hindi lampa ang babae, she had this confident stance, nararamdaman niyang matapang ito. *Ano kaya ang kinakatakutan nito? Matakot kaya ito sa akin?*

“Hey, narinig mo ba ako?” naiinip na pukaw sa kanya nito. “Kung ayaw mong magpa-hitch okay lang, lumarga ka na, pero yaman din lang na magkakilala tayo, inisip kong hindi ka na magdadamot ng sakay, kaya if okay lang—”

“Yung kotse mo?” Itinuro niya ang kotseng naka-park sa gilid ng kalsada sa tabi ng isang malaking mangga. “Baka nakawin ’yan—” Nanlaki ang mga mata niya. May nakita siyang dumudungaw sa bintana ng kotse ni Tasha.

“Hindi maka-carnap ’yan, hindi nga makakaandar, hindi ba? ”Tsaka may kalapit naman na bahay doon, may sinabihan na akong manong—”

“Tara na, para madali tayo.” Hinawakan na niya ito sa braso at iginiya sa kotse niya.

Nang lingunin niya ang kotse nito, wala na ang dumungaw. Lumabas na ang nakita niyang nakaputing batang babae roon, malaya itong naglalaro sa paligid ng kotse.

Scary Thing Called Love - Autumn Castillo

Nang nasa loob na sila ng kotse niya, napansin yata ng babae ang pagkabalisa niya.

“Are you okay?” tanong nito.

“Yes,” derechong sagot niya. Hindi na siya nababahala o nagugulat sa mga nakikita niya, sanay na siya. Ang hindi niya maipaliwanag ay kung bakit may sumungaw na pag-aalala sa damdamin niya sa babaeng raket na yata ang maki-hitch sa kanya. “Gusto ko lang matapos na ’to, para makapunta ka na patungo sa kung saan man ang destinasyon mo. Anyway, Tasha... that’s your name, right?”

Nakita niya ang panlalaki ng mga mata nito bago napatango.

Mamaya, I’ll tell that little ghost to stay where she is, baka kasi sumama sa ’yo. Then, you’ll be fine, kausap niya rito sa isipan.